Mga Paniniwalang Kristiyano
Mga Sagot sa Mga Tanong sa Pagsusulit

Leksyon 1: Ang Aklat ng Diyos

(1) Ano ang pangkalahatang rebelasyon?

Ang katotohanan tungkol sa Diyos na matututuhan natin sa pagmamasid sa mga nilikha.

(2) Sa anong mga anyo ibinigay ng Diyos ang espesyal na rebelasyon?

Sa pagkasi sa Biblia at ang pagkakatawang-tao ni Hesu-Kristo.

(3) Anong mga katotohanan ang ipinahayag ng espesyal na rebelasyon na hindi ipinahayag ng pangkalahatang rebelasyon?

Inilalarawan nito ang Diyos, ipinaliliwanag ang Pagkahulog sa tukso at kasalanan, at ipinapakita ang paraan kung paano makikipagkasundo muli sa Diyos.

(4) Ano ang pag-angkin ng Biblia tungkol sa kanyang sarili?

Iyon ang Salita ng Diyos.

(5) Ano ang anim na dahilan na nagpapakita na ang Biblia ay tunay na Salita ng Diyos?

Dahil (1) Libu-libong bilang ng katotohanang Biblikal ang pinatotohanan, (2) Walang pahayag sa Biblia ang pinabulaanan, (3) Hindi sinasalungat ng Biblia ang kanyang sarili, (4) Ang ebanghelyo ay pinatotohanan ng kanyang mga epekto, (5) Ang Espiritu ng Diyos ay nangungusap sa pamamagitan ng Biblia, at (6) Ginagabayan ng Biblia ang ating relasyon sa Diyos.

(6) Bakit ang Biblia ay "kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa maling gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay"?

Dahil ito ay kinasihan ng Diyos.

(7) Anong paglalarawan ang ibinigay ng Biblia tungkol sa pagkasi na nagbibigay ng katiyakan sa atin na ang mga sumulat ay ginabayan upang hindi magkamali?

Sila ay "inakay/dinala" ng Banal na Espiritu (2 Pedro 1:21-22).

(8) Ano ang ilan sa iba't-ibang pamamaraan na ginamit ng Diyos para sa pagkasi?

Naririnig na tinig, mga panaginip, mga pangitain, nagbibigay ng pang-unawa at superintendensya.

(9) Ano ang kahulugan ng 'Ang Biblia ay kinasihan'?

Ito ay lubusang ang Salita ng Diyos, maging ang mismong mga salita.

(10) Ano ang kahulugan ng 'Ang Biblia ay hindi magkukulang?

Hindi ito maaaring mahulog, ito'y mapagtitiwalaan at hindi niya tayo lilinlangin.

(11) Ano ang kahulugan ng 'Ang Biblia ay walang pagkakamali?

Wala itong pagkakamali sa bawat pangungusap na sinasabi nito.

Leksyon 2: Mga Katangian ng Diyos

(1) Ano ang pinakamahalagang katangian ng tao?

Ang kanyang konsepto ng Diyos.

(2) Ano ang pinakaseryosong posibleng pagkakamali?

Ang magkamali tungkol sa kung ano ang katulad ng Diyos.

(3) Ano ang unang leksyon ng Kasulatan tungkol sa Diyos?

Na siya ang Manlilikha ng lahat (at sa paliwanag nito, siya ay natatangi sa lahat.).

(4) Banggitin ang katangian ng Diyos na tumutugma sa bawat pangungusap:

(A) Hindi natin mailalarawan ang hitsura ng Diyos. Espiritu

(B) Ang Diyos ay laging umiiral. Walang hanggan

(C) Ang Diyos ay hindi isang lakas na hindi persona. Persona

(D) Ang kalikasan ng Diyos ay mananatili. Hindi nagbabago

(E) Magagawa ng Diyos ang anumang naisin niya. Pinakamakapangyarihan

(F) Nakikita ng Diyos ang lahat ng bagay. Nasa lahat ng lugar

(G) Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak upang tayo'y magkamit ng biyaya. Pag-ibig

(H) May tatlong persona sa kalikasan ng Diyos. Trinidad

(I) Ang Diyos ay may ganap na pagkaperpektong moral. Banal

(J) Ang mga ginagawa ng Diyos ay laging pantay at makatarungan. Matuwid

Leksyon 3: Ang Trinidad

(1) Paano inilalarawan ng sanlibutan ang kalikasan ng Diyos?

Sa disenyong tatluhan ng sanlibutan: space, oras at angkap (matter), ang bawat isa sa mga ito ay binubuo rin ng tatlong aspeto.

(2) Ano ang tatlong pahayag ng Biblia ang pundasyon para sa katuroan ng Trinidad?

Iisa lamang ang Diyos; ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay lahat Diyos; at ang tatlong ito ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa bilang magkakahiwalay na persona.

(3) Ano ang istruktura ng mga relasyon sa loob ng Trinidad?

Ang Anak ay nasa ilalim ng awtoridad ng Ama, at ang Banal na Espiritu ay nagmumula sa Ama. Ang pagkakasunod-sunod ay Ama, Anak at Banal na Espiritu.

(4) Ano ang ilang relasyon ng mga tao na dapat sumalamin sa mga relasyon ng Trinidad?

Ang pamilya at ang iglesiya.

(5) Ano ang kahulugan ng pagsamba bilang Trinitarian?

Kinikilala natin na ang bawat isang persona ng Trinidad ay nararapat sambahin. Nananalangin tayo sa Ama, sa pamamagitan ng Anak, sa Espiritu, subali't tayo'y nananalangin sa lahat ng persona ng Trinidad.

(6) Ano ang pagkakamali ng modalism?

Ang ideya ay ang Diyos ay isang persona na gumaganap ng iba't-ibang tungkulin.

(7) Ano ang pagkakamali ng tritheism?

Ang ideya na ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay magkakahiwalay sa bawat isa.

(8) Ano ang pagkakamali ng subordinationalism?

Ang ideya na ang isang persona sa Trinidad ay mas mababa kaysa sa iba.

Leksyon 4: Ang Sangkatauhan

(1) Paanong ang Kristiyanong pananaw tungkol sa tao ay naiiba mula sa pananaw ng iba?

Alam ng isang Kristiyano na mahalaga ang tao dahil siya ay nasa imahen ng Diyos.

(2) Paano natin nalalaman na ang imahen ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi pisikal na pagkakatulad? Magbigay ng tatlong dahilan.

Ang Diyos ay isang espiritu. Ang paggawa ng mga imahen Niya na tulad ng tao ay pagsamba sa diyos-diyosan. Idinesenyo ang tao upang mabuhay sa mundo.

(3) Maglista ng siyam na elemento ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan?

Ang malikhaing instinto, ang kakayahang mag-isip, abilidad na makipag-usap, isang kalikasang makipamuhay sa lipunan, ang moral sentido, malayang kalooban, pagiging walang kamatayan, ang kakayahang magmahal, at ang kakayahang sumamba.

(4) Ano ang dahilan na tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos?

Upang magawa nating mahalin at sambahin ang Diyos. Upang magkaroon tayo ng relasyon sa Diyos.

(5) Ano ang kakayahang nagmumula sa ating moral sense/kaalaman sa mabuti at masama?

Upang maunawaan ang konsepto ng tama at mali.

(6) Bakit kailangan natin ang biyaya ng Diyos upang magamit natin ang ating malayang kalooban upang bigyang lugod ang Diyos?

Dahil winasak na ng kasalanan ang ating kalooban, at kung walang biyaya tayo’y nasa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan.

Leksyon 5: Ang Kasalanan

(1) Anu-ano ang mga apat na dahilan kung bakit kailangan nating maunawaan kung ano ang kasalanan?

Upang maunawaan ang kalagayan ng mundo, upang maunawaan ang mga prayoridad ng Diyos sa mundo, upang maunawaan ang biyaya at kaligtasan, at upang maunawaan ang kabanalan.

(2) Paano natin malalaman na ang kasalanan ay hindi pagkakamali Diyos?

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay nang perpekto, walang anumang kapintasan.

(3) Magbigay ng isang-pangungusap na kahulugan ng mga sumusunod: minanang kasamaan, sinasadyang kasalanan, hindi sinasadyang mga paglabag, at kahinaan.

Ang minanang kasamaan ay ang korapsyon ng moral na likas ng tao na ikinikiling siya patungo sa kasalanan simula pa lang sa pagsilang; ang sinasadyang kasalanan ay ang nilalayong pagsuway sa nahahayag na kalooban ng Diyos; ang mga hindi-sinasadyang paglabag ay mga gawang lumalabag sa Salita ng Diyos nang aksidente lang o dahil sa kawalang-kaalaman; ang pagkakasakit ay pisikal o mental na limitasyon o pagkukulang.

(4) Bakit dapat nating naisin na mas maunawaan at gawing mas maigi ang kalooban ng Diyos?

Ayaw nating gumawa ng anumang bagay na hindi nakalulugod sa Diyos May mga masasamang ibinubunga ang mga maling ginagawa natin, kahit iyon ay hindi sinasadya. Kailangang maging mabubuting halimbawa tayo bilang mga Kristiyano. Kapag sinisikap nating iwasan ang kalooban ng Diyos tayo ay nagkakasala.

(5) Paano natin malalaman na ang kahinaan ay hindi kasalanan?

Si Hesus ay may kahinaan subalit hindi nagkasala.

Leksyon 6: Ang mga Espiritu

(1) Kailan nilikha ang mga anghel?

Sa isang panahon bago likhain ang mundo.

(2) Gaano katagal nabubuhay ang mga anghel?

Hindi namamatay ang mga anghel.

(3) Paano natin nalalaman na ang mga anghel ay hindi karaniwang nagtataglay ng pisikal na katawan?

Ang mga anghel ay espiritu.

(4) Ano ang ilang dahilan kaya't nalalaman nating ang mga anghel ay may personalidad?

Sila ay nagsasalita, sila ay sumasamba, sila ay may damdamin at may kakayahang mag-isip.

(5) Ano ang ilang naiibang salita sa Biblia na tumutukoy sa mga anghel?

Kerubin, seraphim, arkanghel, mga espiritu.

(6) Ano ang isang bagay na ginagawa ng mga anghel para sa mga mananampalataya?

Sila ay nangangalaga/nagtatanggol.

(7) Saan nagmula ang masasamang espiritu?

Sila ay mga anghel na nahulog sa pagkakasala.

(8) Ano ang tunay na sinasamba ng mga sumasamba sa mga idolo?

Mga demonyo/ masasamang espiritu

(9) Ano ang pinal na hantungan ni Satanas at ng iba pang masasamang espiritu?

Ang lawa ng apoy.

Leksyon 7: Si Kristo

(1) Ano ang prayoridad ng Mesiyas?

Upang iligtas ang kanyang bayan mula sa kasalanan.

(2) Ano ang ibig sabihin ng unang iglesiya nang sabihin nilang "Si Hesus ay Panginoon"?

Na siya ay Diyos, ang Panginoon ng lahat.

(3) Paano natatanging ang Anak ng Diyos si Hesus?

Lubos siyang nakikibahagi sa kalikasan ng Ama.

(4) Ano ang ibig sabihin ng si Hesus ay isang pagkakatawang-tao?

Siya ay Diyos na nagkatawang-tao, o Diyos na naging tao.

(5) Bakit mahalaga na si Hesus ay isang tao? (Tatlong dahilan)

Maaari siyang mamatay para sa atin, pumalit siya sa ating lugar, siya ang kumatawan sa atin.

(6) Bakit mahalagang maunawaan natin na si Hesus ay Diyos?

Walang katapusan ang halaga ng kanyang sakripisyo, mayroon siyang kakayahang magligtas, at dapat natin siyang sambahin.

(7) Bakit kailangan ang sakripisyo?

Upang ang Diyos ay makapagpatawad nang hindi nagiging walang katarungan at hindi winawalang-halaga ang kasalanan.

(8) Bakit namatay si Hesus sa isang krus sa halip ng sa iba pang mga paraan?

Ipinakita nito na kinuha niya ang sumpa ng Diyos sa kanyang sarili.

(9) Ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Hesus?

Ipinakita nito ang kanyang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Pinatunayan nito kung sino siya, at ipinapakita nito na kaya niya tayong muling buhayin.

Leksyon 8: Ang Kaligtasan

(1) Bakit nakakasakit-damdamin para sa maraming tao ang krus?

Dahil nangangahulugan iyon na sila ay makasalanan at nangangailangang patawarin.

(2) Ano ang apat na aspeto ng kalagayan ng isang makasalanan?

Siya ay salarin sa paggawa ng maraming gawa ng kasalanan, siya ay isang kaaway ng Diyos, at siya ay masama sa kanyang mga hangarin, at walang kapangyarihan upang baguhin ang kanyang kondisyon.

(3) Bakit ang pagpapatawad na walang pagbabayad-sala ay hindi nagpaparangal sa Diyos?

Gagawin nitong siya ay tila hindi makatarungan at hindi banal.

(4) Ano ang pagsisisi?

Na nakikita ng isang makasalanan na siya ay salarin at nararapat lamang parusahan, at siya ay nakahandang talikuran ang kanyang mga kasalanan.

(5) Kung ang isang tao ay mayroong pananampalataya na nakapagliligtas, ano ang ibig sabihin nito na pinaniniwalaan niya?

Na wala siyang magagawa upang ikatwiran ang kanyang sarili, na ang sakripisyo ni Kristo ay sapat para sa kanyang kapatawaran, at pinatatawad siya ng Diyos sa kondisyon ng pananampalataya lamang.

(6) Bakit kwalipikado si Hesus na maging sakripisyo?

Siya ay walang kasalanan, at siya ay kapwa Diyos at tao.

(7) Paano makakatiyak ang isang tao na siya ay ligtas?

Tunay na magsisi, maniwala sa pangako ng Diyos, at tanggapin ang patotoo ng Espiritu.

(8) Itugma ang mga tuntunin ng kaligtasan sa mga tamang talata:

A	pagtubos	A	Binayaran ang Presyo
H	pagpapabanal	B	Ibinilang na matuwid
F	pagbabayad	C	Markang pagkakakilanlan
G	pagpapalaya	D	Kapayapaan
C	pagtatatak	E	ibinaling ang galit
D	pakikipagkasundo	F	Malinis na talaan
E	pagsusuyo	G	sinaklolohan
I	pag-aampon	H	ginawang banal
J	bagong kapanganakan	I	naging anak
B	pagbibigay-katuwiran	J	bagong buhay

Leksyon 9: Mga Usapin sa Kaligtasan

(1) Ano ang pangunahing tema ng 1 Juan?

Pansariling katiyakan ng kaligtasan.

(2) Anong katangian ng isang mananampalataya ang pinakamahalaga sa 1 Juan?

Tagumpay laban sa kasalanan.

(3) Anong apat na bagay ang alam natin mula sa 1 Corinto 10:13?

Dumarating ang pagtukso dahil sa ating pagiging tao; Alam ng Diyos ang ating mga limitasyon; nililimitahan ng Diyos ang mga pagtukso, at ibinibigay ng Diyos ang kailangan natin upang magtagumpay.

(4) Paano nagpapatuloy ang isang mananampalataya na manatili kay Kristo?

Sa pamamagitan ng pagtupad sa mga kautusan ni Kristo.

(5) Ano ang kinakailangan para sa patuloy na kaligtasan?

Isang nagpapatuloy na relasyon kay Kristo.

Leksyon 10: Ang Banal na Espiritu

(1) Ilista ang tatlong katangian ng tugon ng unang iglesia sa Banal na Espiritu.

Pinarangalan nila ang Banal na Espiritu sa kanyang pagiging Diyos. May kamalayan sila sa presensiya, paggabay at pagkilos ng Banal na Espiritu. Napagtatanto nila ang kanilang pagdepende at tungkulin upang tumugon sa Banal na Espiritu.

(2) Anong mga katangian ng pagkatao ang nagpapakita na ang Banal na Espiritu ay isang persona?

Mayroon siyang pag-iisip, kalooban at damdamin.

(3) Ano ang ibig sabihin ng salitang paraklit (Paraclete)?

Siya ang kasama natin, ang nagpapalakas ng loob at tumutulong, isang kinatawan.

(4) Ano ang ilang mga gawain ng Espiritu? Ilista ang 9 mula sa 13 na ibinigay.

- Pinatutunayan niya ang ating kasalanan.
- Siya ay nagpapanibagong-lakas, nagbibigay ng buhay sa isang taong patay dahil sa kasalanan.
- Binibigyan niya ang mananampalataya ng personal na katiyakan na siya ay ligtas.
- Nananahan siya sa bawat mananampalataya.
- Nagbibigay siya ng pang-unawa sa katotohanan ng Diyos.
- Tinatawag niya ang mga tao para sa espesyal na ministeryo at gumagabay sa mga desisyon sa ministeryo.
- Pinapagiging-banal niya ang mananampalataya, dinadalisay ang kanyang puso upang gawin siyang banal.
- Nagbibigay siya ng kapangyarihan upang mamuhay nang matagumpay laban sa kasalanan.
- Ibinibigay niya ang bunga ng Espiritu sa buhay ng mananampalataya.
- Nagbibigay siya ng mga kaloob ng Espiritu para sa ministeryo.
- Nagbibigay siya ng espesyal na paghirang ng kapangyarihan para sa ministeryo.
- Tinutulungan niya ang mananampalataya na manalangin ayon sa kalooban ng Diyos.
- Nililikha niya ang pagkakaisa at pagsasama-sama sa iglesiya.

(5) Anong priyoridad ang dapat nating asahan una mula sa Banal na Espiritu?

Tagumpay laban sa kasalanan at kadalisayan ng puso.

Leksyon 11: Buong Pagpapaging-Banal

(1) Ano ang pangunahing tema ng pagsamba?

Kabanalan ng Diyos

(2) Bakit nakaugnay ang kabanalan sa pagsamba?

Iniibig natin ang Diyos at nais nating siya'y malugod at tayo'y maging katulad niya.

(3) Kailan nagsisimula ang kabanalan ng Kristiyano?

Kapag ang isang tao ay naligtas.

(4) Ano ang ibig sabihin ng lumakad sa liwanag?

Upang magpatuloy sa pagsunod sa Diyos habang mas natututuhan natin ang kanyang katotohanan.

(5) Ano ang ipinanalangin ni Pablo para sa mga mananampalataya sa Tesalonica?

Upang sila'y lubusang mapabanal at matagpuang banal sa pagbabalik ni Kristo.

(6) Ano ang pinakamahalagang bagay na nangyari sa araw ng Pentekostes?

Dinalisay ang kanilang mga puso.

(7) Ano ang minanang kasamaan?

Ang korapsyon sa moral na kalikasan ng tao na nagdadala sa kanya patungo sa kasalanan mula pa sa pagsilang.

(8) Ano ang lubusang pagpapabanal?

Ang paglilinis ng minanang kasamaan, tinupad ng Banal na Espiritu sa mananampalataya sa oras ng kanyang pagbabalik-loob.

Leksyon 12: Ang Iglesiya

(1) Kailan nagsimula ang panahon ng iglesiya?

Sa araw ng Pentekostes.

(2) Bakit ang iglesiya ay tinataawag na "apostoliko"?

Dahil ang mga katuruan ng mga alagad ang pundasyong katuroan ng iglesiya.

(3) Ano ang apat na aspeto ng pinagmulan ng iglesiya?

Ang ministeryo ni Hesus, ang kaligtasang ipinagkaloob ni Kristo, ang naganap sa araw ng Pentekostes, at ang pagkabuo ng katuroan ng mga alagad.

(4) Ano ang isang maikling kahulugan ng pangkalahatang iglesiya?

Ang institusyon kung saan nagsasama-sama ang lahat ng mga Kristiyano sa lahat ng lugar at panahon.

(5) Ano ang isang maikling kahulugan ng lokal na iglesiya?

Ang grupo ng mga Kristiyano sa isang lugar na nagsasama-sama upang tuparin ang lahat ng layunin ng iglesiya.

(6) Ano ang ibig sabihin ng salitang "katolikong iglesiya" sa tunay na kahulugan nito?

Ang iglesiyang unibersal, o world-wide na iglesiya na kabilang ang lahat ng Kristiyano.

(7) Ano'ng dalawang bagay ang batayan ng pagkakaisa ng iglesiya sa buong mundo?

Ang mga katuroan ng mga alagad at ang nakakapagpabagong relasyon kay Kristo.

(8) Ano ang layunin ng nakasulat na pahayag ng katuroan?

Upang ipakita ang mga katuroanng kinakailangan upang sama-samang magtrabaho ang isang grupo ng mga mananampalataya.

(9) Ilista ang anim na layunin ng lokal na iglesiya.

Mag-ebanghelyo, sumamba bilang isang kongregasyon, magpanatili ng katuroan, sumuporta ng mga pastor sa pananalapi, magsugo at sumuporta ng mga misyonero, tumulong sa mga miyembrong nangangailangan, dumisiplina ng mga miyembrong nahuhulog sa kasalanan, isagawa ang pagbabautismo at Hapag ng Panginoon, at idisipolo ang mga mananampalataya sa paglagong espirituwal.

Leksyon 13: Pangwalang-hanggang Hantungan

(1) Ano ang pangunahing aktibidad sa langit?

Pagsamba.

(2) Ano ang ilang mga bagay na hindi matatagpuan sa langit?

Kasalanan at mga resulta ng kasalanan, pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan.

(3) Sino ang pupunta sa langit?

Mga mananampalataya (mga taong nagsisi sa kasalanan at naglagak ng kanilang pananampalataya kay Kristo, mga taong ang pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay).

(4) Kailan pupunta ang mga mananampalataya sa langit?

Sa kamatayan o sa pagbabalik ni Hesus.

(5) Anong tatlong bagay ang sinasabi sa atin ng Biblia tungkol sa impiyerno?

Iyon ay pangwalang-hanggan, hindi na maibaalik/mababawi, at nakapanlulumo/pagdurusa.

(6) Ano ang ibig sabihin ni Hesus na dapat putulin ng isang tao ang kanyang kamay?

Itigil ang anumang nag-aakay sa kasalanan at impiyerno.

(7) Bakit walang hanggan ang impiyerno?

Dahil ang kasalanan ay laban sa walang-hanggang Diyos, ipinagkakait ng mga makasalanan sa Diyos ang Walang-hanggang paglilingkod na utang nila sa kanya, at tayo ay mga Walang-hanggang mga nilalang na walang ibang lugar na patutunguhan kung tayo'y hiwalay sa Diyos.

Leksyon 14: Mga Huling kaganapan

(1) Ano ang apat na mahahalagang katotohanan sa propesiya ng Biblia?

Ang pisikal na pagbalik ni Hesus, ang muling pagkabuhay ng katawan ng lahat ng tao, ang paghuhukom, at ang walang-hanggang kaharian ng Diyos.

(2) Ano ang mangyayari sa mga Kristiyano kapag bumalik si Hesus?

Ang mga namatay na ay muling bubuhayin; ang lahat ng mananampalataya ay aakyat upang salubungin ang Panginoon.

(3) Paano tayo dapat maghintay para sa pagdating ni Hesus?

Hinihintay natin ang Kanyang pagbabalik (1) sa pagpapanatili ng prayoridad na pangwalanghanggan, (2) pamumuhay nang may kabanalan, at (3) espirituwal na pagbabantay sa ating sarili sa pamamagitan ng pananalangin.

(4) Bakit kailangan ang katuroan ng muling pagkabuhay?

Dahil ito'y nangangahulugan na (1) si Hesus ay nabuhay mula sa mga patay, (2) ang lahat ng tao ay muling bubuhayin, (3) ang katawan ay may walang-hanggang halaga, at (4) totoo ang ebanghelyo.

(5) Bakit mahalagang malaman natin ang tungkol sa paghuhukom?

Upang maunawaan (1) ang kahalagahan ng kasalanan, (2) ang ating pananagutan sa Diyos, (3) ang importansiya ng ating mga pagpili, at (4) ang katapusan ng lahat ng kasalanan.

Leksyon 15: Mga Sinaunang Paniniwala/Pundasyong paniniwalas

(1) Ano ang pundasyong paniniwala?

Isang pagbubuod ng mahahalagang paniniwalang Kristiyano

(2) Ano ang dalawang pangungusap tungkol kay Hesus na kinakailangan para sa sinaunang mga Kristiyano?

Si Hesus ang Panginoon, at Panginoong Hesu-Kristo.

(3) Ano ang unang pundasyong paniniwala sa Kasulatan na nagbibigay ng ilang mga pangungusap?

1 Timoteo 3:16

(4) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Apostol?

Upang ipahayag ang mga katuroan ng mga alagad.

(5) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Nicene?

Upang protektahan ang mga katuroan ng pagiging Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

(6) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Chalcedonian?

Upang protektahan ang mga katuroan ng pagkakatawang-tao ni Kristo